

Paano ito isasagawa

Simple lamang ang Gawain ng triangles. Nangagailangan lamang ito ng ilang sandali sa isang araw, at sa kalaunan maari itong gawin halos kahit saan at sa ano mang oras.

Makakabuti sa gawaing ito kung makakahanap tayo ng isang lugar na tahimik at payapa. Umupo ng matuwid at ipikit ang mga mata. Lisang tabi muna ang mga personal na problema at alalahanin. Ituon ang isip sa paglilingkod sa sangkatauhan sa pamamagitan ng triangles. Sa kalaunan magiging mas mabilis ang gawaing ito, tulad ng isang radio na itinutuon sa isang estasyon, dito itinutuon natin ang ating sarili sa network ng triangles.

Para sa mga nagsisimula sa ganitong gawain iminumungkahi ang sumusunod:

- Mula sa pinakamataas na antas ng kamalyan na kaya mong abutin, isaisip ang mga kasapi ng iyong triangle o mga triangles. Ituon ang isip sa triangle at sa mga kasapi nito. Maari kang lumikha ng imahe ng iyong mga kasapi. Maari mo ring isaisip sila habang tinatawag ang kanilang mga pangalan. Maari mo itong gawin ng magkasabay. Ang gawaing ito'y naayon sa prinsipyo na "energy follows thought" kung kaya't sa pagsasaisip ng ating mga kasapi tayo'y bumubuo ng uganayan sa pagitan ng ating isip at diwa.
- Isaisip na ang triangle o mga triangles na kinabibilangan mo ay bahagi ng isang malaking network ng mga triangles. Ang network na ito ay binubuo ng lahat ng mga triangles sa buong mundo.
- Isaisip ang liwanag at kabutihan na nagmumula sa "Soul" o "Christ principle" ng bawat kasapi ng triangle ay dumadaloy patungo sa bawat miyembro at umaagos patungo sa bawat bahagi nito. Habang dumadaloy ang liwanag at kabutihan sa triangle ay lalong nagliliwanag ang network ng mga triangles. Isaisip na ang liwanag at kabutihang ito ay nagdudulot ng kagalingan at kabutihan sa lahat ng tatamaan nito, nagdadala ng mabuting pagbabago sa bawat tao at gumigising ng kapatiran sa lahat.
- Bigkasin ang Dakilang Panawagan. Maari itong bigkasin o isaisip depende sa iyong kagustuhan o sa situasyon. Sa pagbigkas mo ng bawat taludtod, isaisip mo na ang triangle network ay nagiging tulay sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan. Isa itong daluyan kung saan umaagos ang liwanag at pagmamahal at dakilang kalooban ng Diyos.

Ilang mahalagang puntos:

- Hindi Kinakailangan gawin ng magkakasabay sa oras ang gawain ng triangles, lalo na kung ang mga miyembro nito ay mula sa iba't ibang panig ng mundo. Ang ugnayan sa triangles ay nabubuo sa isip at diwa ng mga miyembro nito. Kaya't ang kinakailangan lamang ay ang pagkakarapareho ng hangarin nilang maglingkod at hindi ang pagkakasabay-sabay sa oras ng gawain.

- Maaring sumapi sa higit sa isang triangle. Ngunit siguruhin lamang na ang bawat triangle unit ay matutuunan ng sapat na panahaon upang mapanitili ang ugnayan ng bawat isa. Kung sabaysabay ang ugnayan sa iba't ibang triangle unit kailangang siguruhin na kaya nating ituoan ang ating isip sa bawat triangle. Kung hindi ito possible kailangan maglaan tayo ng oras para sa bawat isang triangle upang masiguro na napapanatili natin ang mga ugnayang ito.

-Kung mayroon kayong kasapi na, sa anumang kadahilanan, ay hindi na maaring magpatuloy sa ganitong gawain, maari lamang itong ipagbigay alam Kaagad sa amin. Sa mga ganitong sitwasyon kami'y umaasa na magkaroon ng kapalit ang umalis na kasapi.

Triangles
120 Wall Street
24th Floor
New York
NY 10005
USA

newyork@lucitrust.org
www.lucitrust.org